Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 28 OKTUBRE 1996, 9:00 NG UMAGA SA SITYO DALAHICAN, DANGAY, ROXAS, SILANGANG MINDORO.

- -

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Ferdinand V. Taleon
Kagawad Angeles D. Bautista
Kagawad Ramil O. Dimapilis
Kagawad Jesus S. Dela Cruz
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.
Kagawad Honesto O. Taytay
Kagawad Eduardo G. Villamin - ABC President
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

Kagawad Ramulfo C. Bernal

- -

KAPASYAHAN BLG. 116
Taong 1996

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PASASALAMAT SA SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN JOSE AT SA MGA MAMAMAYAN NITO SA MAAYOS NA PAGTANGGAP SA SANGGU-NIANG BAYAN AT STAFF SA PAGPUPULONG NA GINANAP SA SITYO DALAHICAN NG NASABING BARANGAY.

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro minsan sa isang buwan ay nagdaraos ng kanilang sesyon sa mga barangay;

SAPAGKA'T ang huling pulong sa buwang ito ay ginanap sa Sityo Dala-hican ng Barangay San Jose ngayong Oktubre 28, 1996;

SAPAGKA'T ang nabanggit na pulong ay dinaluhan ng Sangguniang Barangay ng San Jose, gayundin ng mga mamamayang naghanais na maging makabuluhan ang pulong sa pamamagitan na rin ng pakikipag-diyalogo sa Sangguniang Bayan;

SAPAGKA'T ang maayos na pagtanggap at pagbibigay ng panahon ng pamunuang barangay ng San Jose at ng mga mamamayan nito sa idinaos na pulong ay isang pagpapakilala ng malawak na kaisipan sa mga gawaing pampamahalaan at pangkaunlaran kung saan ang bawa't mamamayan, namumuno man o tagasunod ay may bahaging ginagampanan;

SAPAGKA'T ang Sangguniang Bayang ito ay lubusang nagpapasalamat sa maayos na pagtanggap ng pamayanan ng San Jose sa bumubuo

ng Sangguniang Bayan at ng staff nito sa ginawang pagpupulong ngayong Oktubre 28, 1996.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz na sinang-ayunan ng lahat -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa Sangguniang Barangay ng San Jose at sa mga mamamayan nito ang taus-pusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at Staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Oktubre 28, 1996.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng San Jose at sa mga mamamayan nito ang taus-pusong pasasalamat sa maayos na pagtanggap sa Sangguniang Bayan at Staff nito sa pagpupulong na ginanap ngayong Oktubre 28, 1996.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Sangguniang Barangay ng San Jose, Roxas, Silangang Mindoro sa pamamagitan ni Kgg. Raul Dizon, Punong Barangay, para sa kanilang kaalaman at sanggunian.

Pinagtibay: 28 Oktubre 1996

- -

CERTIFIED CORRECT:

VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sanggunian

ATTESTED:

JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor/
Presiding Officer

APPROVED:

GELACIO I. YASON
Municipal Mayor

merz/